# Ang "Sulong sa Kabayanihan"

*Kay G. Amado.*

---

*(Sa aming kamanunulat na manglalakbay.)*

Ibinunsod ng̃ isáng tungkulin at inakay ng̃ labis na pananabik na mamálas ang makasaysayang bayan ng̃ San Mateo at sa hang̃ád na makatupád sa anyaya ng̃ "Sulong sa Kabayanihan" na dumaló sa pagtanggap (recepción) at sáyawang handog ng̃ kapisanang nasabi sa naging Pang̃ulo niyang si G. Ismael A. Amado, punong mánunulat namin, dahil sa nalalapit na pagtung̃o nito sa Amérika, ay nilisan namin ng̃ kasama kong kamanunulat din na Alfredo S. Herrera ang sariling bayan at tinung̃o ang treng tung̃o sa S. Mateo, noong linggó, iká 23 ng̃ kasalukuyan.

Iká 2.29 ng̃ hapon ay unti-unti nang lumalayô sa himpilan ang treng kinalululanan namin, na, sa isáng igláp ay naiiwan ang mg̃a himpilan, nararaanan ang mg̃a bayan, mg̃a poók, mg̃a bukid, mg̃a ilog at... mg̃a kakahuyan.

Dumating kami sa himpilan ng̃ Rosario, sang̃á ng̃ daang-bakal na patumpang Antipulo at ng̃ patung̃ong Montalban. Dito'y tumigil ang tren ng̃ halos isáng oras at kalahati, bagay na sa pagkainíp namin ay ikinápagtanong sa *jefe* ng̃ himpilan kung anó ang sanhî at napakatagál ang gayong pagkakatigil:—"hinihintay pô ang treng manggagaling sa Antipulo"—ang tugon sa amin. At naghihintay ng̃â, dapwa't wala naman palang takdang oras ang pagtatagpô, kundi kung kaylan dumating ang treng Antipulo ay saká lamang makalalakad ang pasa sa Montalbán; kung ang manggagaling sa Antipulo ay magkaroón ng̃ kapinsalaan sa gitná ng̃ *ití* at abutin ng̃ 24 na oras, ay 24 na oras din naman kaming maghihintay. ¡Napakawaláng tuós na palakad!. Salamat sa nobelang tagláy ni G. Mariano Velayo, na nákasakay namin at patung̃o rin sa nasabing *recepción* kung kaya di gaanong kinapitan kami ng̃ pagkainíp.

Sa di kawasa'y dumating ang hinihintay at lumakad kaming sakbibi ng̃ pananabík na makasapít sa parurunán. Di nalao'y himpilan na ng̃ Marikina, at sa isáng kisáp mata'y ang magagandang tánawin ng̃ S. Mateo, ang mahihiwagà niyang bundukin na nakakukubkob sa bayang parang isang matibay na kutà sa mg̃a kaaway... ¡Bundók ng̃ S. Mateo, kay dami mong itinagong mg̃a lihim, kay dami mong sinaksihang mg̃a pangyayaring mahahalagá!. Ganyán ang náibulong ko sa sarili nang mamalas na at mating̃alang mabuti ang kanyang mg̃a gulugód.

Lumunsád kami at tinung̃o ang kabayanan. "Ang S. Mateo pala'y hindi isáng bayang walang kabuluhan sa Rizal, hindi palá isáng bayang makuyad lumakad, na di gaya ng̃ paniniwalà ko noong di pa akó nakararating dito na ito'y isáng bayang na sa ibabaw ng̃ bundók at pinamamayanan ng̃ mg̃a táong bundók. Ito pala'y isá sa pinakamalusog at masulong sa lalawigan ko, maganda at mayaman. Bagay na bagay sa mg̃a manglalakbay at magliliwaliw (excursionista)."

Ito ang náwikà ko pagkatapos mádamá at hang̃aan ang kanyang anyô at pagkakátayô.

Humahapon, gumagabí, ay nálalapit naman ang takdáng oras na dapat ipagsimulâ ng̃ piging na aming dadaluhán.

Matapos kaming makapagbigáy sa aming makapangyarihang tiyan, sa pamamagitan ng̃ isang saganang hapunang iginayak pará sa amin ng̃ mahal kong kaibigang José S. Hilario, ay dinalá kami ng̃ aming mg̃a paá sa bahay na paglilipunan.

Lubháng kaakit-akit, kaaliw-aliw, kamanghâ-manghâ nang yumapak na kami sa pinakasalas at tanggápan ng̃ bahay na iyong nagniningning sa matitingkád na liwanag ng̃ ilaw, ng̃ mg̃a *reina de las luces*. Isang túhog ng̃ ibá't ibáng kulay at nagbabang̃uhang bulaklak ng̃ S. Mateo ang nang̃akahanáy at nang̃akapalamuti sa magkabikábilang, panig ng̃ kabahayán. Sa mg̃a mukhâ nila'y nababakás ang kasariwaan ng̃ mg̃a talulot, ang kasiglahán ng̃ isang murà at madagtáng katawán, at sa mg̃a dibdib ay parang nababanaagan ang mahinay na tibók ng̃ mg̃a pusong kalong ng̃ ligaya at sapupo ng̃ kalwalhatian.

Sa isang paramdám sa orkesta, isáng salitâ, isang malugód na anyaya ng̃ Pang̃ulo ng̃ "Sulong sa Kabayanihan," ay nang̃agsilibay ang mg̃a paró-paró sa mg̃a masasamyóng bulaklák, nagkalahók-lahók, nagkadalwá-dalwá sa gitnâ ng̃ *salón* sa paghahain ng̃ sayá sa paanán ni Terpsícore, sa pamamagitan ng̃ isáng maayos at malambing na tinig ng̃ Orkesta.

Iká 10 ng̃ gabí ng̃ simulán ang pagpupuyós na itó ng̃ mainit na dugong binatà, at winakasan ng̃ iká 2 na mahigít ng̃ madalíng araw.

Magtitindigan na ang lahát, ng̃ kaginsaginsa'y pinigil ng̃ isáng matunóg na tinig ng̃ Pang-ulo ng̃ "Sulong sa Kabayanihan", na sa maiklíng salita'y nagpahayag ng̃ kanyang kasiyaháng loób sa pagkakadaos na maligaya ng̃ *recepciong* yaón, at sunód-sunód na ipinakilala ang mg̃a nagsalitang sina GG. Ismael A. Amado, Leonardo A. Dianzon, Alfredo S. Herrera, Mr. Joe, Mariano Velayo at Luis Santiago. Pawang ukol sa Pagalis ni G. Amado ang mg̃a tinukoy nilá, na pinapurihan namán ng̃ lahát. At tinapos ang sayáng yaón ng̃ mag-iiká 3 na ng̃ madaling-araw.

Sa mg̃a nagsidaló doón ay namalas ko ang maluningning na talà sa Marilaw na si Bb. Felicidad Villarica at ang mg̃a haláw na Bb. Consolación Aguirre, Rosenda, Isabel at Brígida Manahan, Mercedes Roxas, Emilia Baltazar, Victorina S. José, Mercedes at Esperanza del Rosario, Guadalupe Vicente, Patrocinio de Asis, Sotera Cristi, Pilar at Eugenia Natividad, Carmen Espíritu, Felicísima Espíritu na nagparinig ng̃ kaaya-aya niyang tinig, Nicolasa at Juana Cristi, Gliceria at Catalina Carpio, Maria Con-

cepción, Luisa Villarica, Leonisa Santos at iba't ibá pang hindi ko natandaan.

Ika 8:40 ng̃ kinabukasan ay nilisan namin ang S. Mateo, na nag-iwan sa aking gunitâ ng̃ matataas na urì ng̃ ligaya, ligayang hanggang sa mg̃a sandalíng ito'y ninanamnam ko pa at pinanāng̃ang̃arap.....

NARDO.

# ¿Nahíhibang ka yatà!...

(*Karugtong.*)

## IV

Kasalukuyang tumútugtog ang ika 12 ng̃ gabí. Si Juanita ay nakahimlay sa kanyang hihigán. Dapat sana'y tulóg na siyá sa mg̃a oras na ito, ng̃uni't hindî maidlip kahi't sumandalî; sa kanyang budhi'y naghahari't naglalatang ang isang damdáming hindî naman maisigáw.

Bilíng-baligtad sa kináhihigán. Ibig mapahagulgol ng̃ iyák, ibig huming̃î ng̃ tulong, dang̃ang pinipilit niyang masarili ang matinding dágok na yaon ng̃ kasawìan; hiyâ at takot ang gumagápos sa kanya sa pagpapagibík. Nang mg̃a oras na yao'y ang halos máwasak niyang dibdib sa bayó ng̃ dalamhatì ay tutop ng̃ dalawáng kamay, waring ibig niyang siilín at kusà nang mamatay ang malakás na tibók ng̃ pusòng kalong ng̃ pagdurusa. Sabay-sabáy na sumasagì sa panimdím niya ang mg̃a pangyayaring sinaksihán ng̃ kanyang kahapón: ang paglimot sa dating katipán kahi't na doo'y walâ siyang nákitang anó mang sukat iasim ng̃ kanilang pagsusúyuan; ang paniniwalang tang̃ingtang̃ing siyá lamang ang nagíng dahil ng̃ pagkakáhiwalay nila ni Fidel; ang máisusurot sa kanyá nitó at ng̃ tanang makamamalas. Ng̃ayo'y anó ang kanyang ikakatwiran? anó pa ang kanyang maipagmamalaking gaya bagá noóng araw na halos ay poonin siya ng̃ lahát, diyan sa karamihan ng̃ táong humahatol agad sa kapwa kahit yao'y walâ sa matwíd?... Mg̃a ganganyang paghahakà ang inúumáng sa kanyang gunitâ ng̃ gabíng yaón.

Kahabaghabág na si Juanita! Yaong dating gandáng kawiliwiling titigan, ng̃ayo'y túlad na sa lantáng bulaklák na dahandahang nalalagasan ng̃ talulot; yaong mg̃a pisng̃íng halos kahapon lamang ay nakikiagaw sa kulay ng̃ alehandriyang bagong namumukadkád, ng̃ayon ay maputlangmáputlâ at tagô na ang sariling pang-akit; patí ng̃ mapupung̃ay na matáng kung makátitig ay nagpapakahulugán ng̃ maraming hiwagà, ng̃ayon ay nang̃agkulimlím.

Gayon man, sa láot ng̃ kadalamhatìang yao'y may pinaglilibang̃an pang pag-asa, at ang pag-asang ito'y tulad diyan sa huni ng̃ isáng sasakyán sa piling ng̃ kapwâ sasakyáng nabagbág at lumulubog na.

—Ako'y tunay nang iná,—ang ibinúbulong sa sarili;—at ang pagkakáganitó ko'y dalawa kaming naging dahil, kayâ naman katwirang pagtulung̃an namin ang kahirapan ko. Hindî lamang ako ang dapat magtiís ng̃ kasákitan, totoong hindî ko máaaring siya'y magpabayà sa kalagayang dinaranas ko ng̃ayon. Siya'y aking paghahanapin at bahalà kaming mag-usap.

Pagkuwa'y nagpakaiging humilig sa kanyang hihigán, at pinabayaang maghari ang gabí sa lúbusan niyang pananahimík.

## V

—Para mo nang awâ, isangdalî lamang!—ang halos pamanhik-palimós ng̃ isang babáeng nakapugong ng̃ panyô sa ulo sa isáng nagtutumuling lalaking nákasalubong niyón. At sunód sa pakiusap ay tinangnán ng̃ dalawá niyang kamay ang bísig ng̃ lalaki.

—Abá, ikáw palá; pagkádilimdilim ng̃ gabí ay bákit ka naglalakád?—ang náwikà ng̃ kausap;—nagíisá ka!

—Oo, ako ng̃â, hindî ka nagkakámalî, kayâ para mo nang awa'y magkáusap lamang tayo. Oh, Naning! maluwat na kitáng hinahanap.

—At akó palá ang hinahanap mo? bakit, Juanita? pagsabi ná't ako'y nagmámadalî.

—Nagmamadalî ka! Dahil bang ako naman ang may kailang̃an sa iyo? Si Naning naman!

—Ay ano pa, sa talagang ako'y nagmamadalî.

Hintáy ka muna,—ang pahikbíng saád ng̃ dalaga;—halika rini sa isáng tabíng hindî ínuhin ng̃ táo,—at saka binaták ang nagpapáhilang lalaki. Nang nasasakublí na sila'y sinundan ng̃ ganitong mg̃a salitâ:—Akalain mong kaylan man sa aking búhay ay dî ako naglakád ng̃ nagíisa, maging araw ó mápagabí man. Ng̃ayón marahil ay ligalíg na ang mg̃a magulang ko sa paghanap sa akin. Ako'y umalís ng̃ hindî nilá nálalaman, sa hang̃ád kong mákausap katá. Hindî ko na lining̃ón ang ano mang mangyayari sa akin sa mg̃a gabíng itó, gaya ng kusà ko nang di pagalaala sa kagambalàan ng̃ mg̃a magulang kong sa aki'y labis na nagmamahal; at ang lahat ng̃ ito'y dahil sa iyó, Naning, dahil lamang sa iyó...

—Ano ng̃a ang iyong ibig, Juanita? turan mo ná't sinasabi ko sa iyong akó'y nagmámadalî.

—Nagmámadalî na naman! Hindî ba nang nang̃akaraang araw ay walâ kang laging sabisabí kundî ang tang̃î mong nasa'y lumagì sa aking piling? dî bá't halos kamakaylán lamang ay walâ kang idináraing sa akin kundî ang hindî natin madalás na pagiisá sa pagpapanayám? Hindî ba't bawá't kibô mo'y walâ kang nais kundî ang tayo'y magkáusap na dalawá? At saka ng̃ayón, ng̃ayóng akó ná ang humahanap sa iyó, ako na ang naglalamay at hindî ko na iniálumana ang kadilimán ng̃ gabí upang tayo'y magkániig, ay sakâ mo naman sásabihing ikaw ay nagmamadalî. Hindî ko akalain, Naning, hindî ko akalain!

Kayâ ng̃â, ano yaón; sa ako'y may hinahabol ay anó ang aking magágawâ?

—Oo, sasabihin ko na, pagka't ikaw ay nagmámadalî. Nalalaman mong tayo'y magkatipán, at